

NORTH MARIN WATER DISTRICT

**POLISIYA: BAYARIN SA PAGKAANTALA AT PAGPUTOL
NG SERBISYO
NUMERO NG POLISIYA: 6**

Orihinal na Petsa: 2002
Huling Sinuri: 06/16/20
Huling Nirebisa: 06/16/20

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN:

Maaaring kontakin ang mga kawani ng serbisyo sa customer ng Distrito mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes sa 415-897-4133 upang talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng serbisyo ng tubig.

TAKDANG PETA SA NG PAGBABAYAD NG BILL (BILL DUE DATE):

Ang mga regular na bill ay ipinapadala tuwing ikalawang buwan (6 na beses bawat taon) at ang bayad ay dapat bayaran sa petsa ng bill ("Takdang Petsa ng Pagbabayad"). Dapat bayaran ang lahat ng dagdag nang buo at hindi lalampas sa 60 araw pagkatapos ng Takdang Petsa ng Pagbabayad. Kung hindi matanggap ang bayad sa loob ng 60 araw mula sa Takdang Petsa ng Pagbabayad, papatawan ng Mga Karagdagang Bayarin Dahil sa Nahuling Pagbabayad.

ABISO NG PAALALA:

Kung hindi matanggap ang bayad sa loob ng 30 araw pagkatapos ng Takdang Petsa ng Pagbabayad, magpapadala ng Abiso ng Paalala. Isang Abiso ng Paalala lamang ang ipapadala sa bawat bill cycle. Hindi pinapahaba ng Abiso ng Paalala ang Takdang Petsa ng Pagbabayad.

MGA KARAGDAGANG BAYARIN DAHIL SA NAHULING PAGBABAYAD (LATE PAYMENT CHARGES):

Kapag ang isang bill ay 60 araw nang lampas sa takdang petsa ng pagbabayad, papatawan ito ng Karagdagang Bayarin Dahil sa Nahuling Pagbabayad na \$25.

MGA PLANO SA PAGBABAYAD:

Nag-aalok ang Distrito ng mga plano sa pagbabayad (payment plan) na may tagal na hanggang 12 buwan para sa pagbabayad ng mga singiling lampas na sa takdang petsa ng pagbabayad. Nakabatay ang haba ng panahon at minimum na bayad sa pagpapasya ng Distrito. Ang mga plano sa pagbabayad at mga susunod na singil sa account ay dapat mapanatiling nasa mabuting katayuan upang maiwasan ang karagdagang mga singil, bayarin, o pagputol ng serbisyo ng tubig.

PAGPUTOL NG SERBISYO NG TUBIG:

Kung hindi mabayaran ang bill sa loob ng 60 araw mula sa Takdang Petsa ng Pagbabayad, ang serbisyo ng tubig sa lokasyon ng account ay maaaring putulin at patawan ng karagdagang mga bayarin at penalty. Maaaring simulan ng Distrito, ayon sa sariling pagpapasya nito, ang sumusunod na proseso kapag ang account ay umabot na sa 60 araw na lampas sa takdang petsa ng pagbabayad:

1. Magpapadala ng Abiso ng Pagputol (Turn Off Notice) sa address ng account holder, at kung iba ito, sa lokasyon ng serbisyo (na nakapangalan sa "Occupant") nang hindi lalampas sa 10 araw bago ang petsa ng pagputol ng serbisyo ng tubig. Bukod dito, ang Abiso ng Pagputol ay iiwan sa isang kapansin-pansing lugar sa address ng serbisyo.
2. Ang Abiso ng Pagputol ay dapat maglaman ng hindi bababa sa sumusunod na impormasyon:
 - a. Pangalan at address ng account holder;
 - b. Halaga ng mga bayaring lampas na sa takdang petsa ng pagbabayad;
 - c. Ang petsa kung kailan kinakailangang magbayad o pumasok sa kasunduan sa pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo ng tubig;
 - d. Impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng pagsusuri at apela kaugnay ng bill na lampas na sa takdang petsa ng pagbabayad;
 - e. Impormasyon tungkol sa paghiling ng karagdagang panahon upang makabayad, kabilang ang pagpasok sa isang iskedyul ng pagbabayad para sa mga singiling lampas na sa takdang petsa ng pagbabayad.
 - f. Impormasyon tungkol sa kung paano maaaring maging direct customer ng Distrito ang mga tenant, kung ang landlord ang account holder, at akuin ang pananagutan sa mga susunod na singil sa serbisyo ng tubig.

Mga Eksepsyon sa Pagputol ng Serbisyo ng Tubig:

1. Hindi puwedeng putulin ang serbisyo ng tubig habang sinusuri pa ng Distrito ang isang bill o habang may nakabinbing apela alinsunod sa Polisiya 6 ng Distrito.
2. Kung sinasabi ng account holder o residente na nabayaran na ang bill, hihingi ang field service representative ng resibo bilang patunay ng pagbabayad. Kung walang maipakitang resibo, hindi muna puputulin ng field service representative ang serbisyo ng tubig at sasabihan ang may account holder o residente na tumawag sa opisina. Kailangang magpakita ng patunay ng bayad o magsagawa ng panibagong bayad upang maiwasan ang pagputol.
3. Hindi puwedeng putulin ang serbisyo ng tubig kung naaangkop ang lahat ng sumusunod na kondisyon:
 - a. Nagsumite ang account holder o tenant ng sertipikasyon mula sa pangunahing provider ng pangangalaga na ang paghinto ng residential service ay magiging banta sa buhay o magdudulot ng malubhang panganib sa kalusugan at kaligtasan ng isang residenteng naninirahan sa lugar kung saan ibinibigay ang residential service.
 - b. Handa ang account holder na pumasok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad para sa lahat ng singiling lampas na sa takdang petsa ng pagbabayad at nilagdaan ang naturang plano sa loob ng 5 araw mula sa kahilingan o Abiso ng Pagputol.

- c. Naipakita na ang residenteng nasa lokasyon ng serbisyo ng tubig, kung siya ang account holder, ay walang sapat na kakayahang pinansyal upang bayaran ang residential service sa loob ng normal na billing cycle ng Distrito. Ituturing na walang kakayahang pinansyal ang account holder o residente na bayaran ang residential service sa loob ng normal na billing cycle ng Distrito kung ang sinumang miyembro ng sambahayan sa tirahang nalalapit nang maputulan ng serbisyo ng tubig ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o kung ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty level.
 - i. Kung matugunan ang alinman sa mga kondisyon sa 3a, 3b, o 3c, magiging kwalipikado ang account holder o residente na pumasok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad para sa lahat ng singiling lampas na sa takdang petsa ng pagbabayad, sa loob ng panahong hindi lalampas sa 12 buwan mula sa petsa ng kasunduan. Habang may bisa ang naturang kasunduan, hindi dapat magkaroon ang account ng anumang karagdagang singiling lampas na sa takdang petsa ng pagbabayad.
 - ii. Kung ang alinmang alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay maging lampas ng 60 araw o higit pa sa takdang petsa ng pagbabayad, o kung ang kasalukuyang mga singil sa serbisyo ng tubig ay maging lampas ng 60 araw o higit pa sa takdang petsa ng pagbabayad, maaaring magpaskil ang Distrito ng Panghuling Abiso ng Pagputol (Final Turnoff Notice) sa lokasyon ng serbisyo na nagsasaad na puputulin ang serbisyo ng tubig. Dapat ipaskil ang Panghuling Abiso ng Pagputol nang hindi lalampas sa 5 araw bago ang petsa ng pagputol ng serbisyo.

PAGPAPANUMBALIK NG SERBISYO AT PANGONGOLEKTA PAGKATAPOS NG ORAS NG TRABAHO:

1. Isasagawa ang pagpapanumbalik ng serbisyo at pangongolekta anumang oras pagkatapos ng 5:00 p.m. at bago mag-8:00 a.m., maliban kung:

Sa mga araw ng pagputol ng serbisyo, pinapaalalahanan ang on-call representative na huwag muling buksan ang serbisyo pagkatapos ng 5:00 p.m. para sa sinumang nasa shut-off list na may reputasyon ng hindi pakikipagtulungan at nakasama na sa listahan nang apat na beses o higit pa. Gagamit ang service representative ng sariling pagpapasya sa pagdedesisyon. Maaaring magbigay ang representative ng eksepsyon sa pangkalahatang panuntunang ito batay sa kanyang karanasan sa consumer. Dapat tawagan ang Novato Police Department o Marin County Sheriff (West Marin) anumang oras na naniniwala ang service representative na kinakailangan ang escort.
2. Aabisuhan ng answering service ang account holder o residente na ihanda ang bayad (cash o tseke) para sa on-call field service representative.
3. Kukunin ng answering service ang numero ng telepono ng account holder o residente upang matawagan sila ng on-call field service representative para talakayin ang anumang problema.

MGA BAYARIN SA PAGPAPANUMBALIK NG SERBISYO (TURN ON CHARGES):

Kung naputol ang serbisyo ng tubig, ang mga sumusunod na bayarin ay sisingilin upang maibalik ang serbisyo sa lokasyon:

\$35.00 (Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m–5:00 p.m.)

\$60.00 (gabi, weekend, at holiday)

Ipinababatid ang impormasyong ito sa consumer ng answering service bago magpadala ng representative para sa serbisyo pagkatapos ng oras ng trabaho.

Kung matukoy ng field service representative o ng mga kawani ng opisina na may kalagayan ng matinding kahirapan, maaaring idagdag ang Bayarin sa Pagpapanumbalik ng Serbisyo sa susunod na bill.

PAGHIHINTO NG SERBISYO NG UTILITY PARA SA IBA PANG PAGLABAG NG CUSTOMER:

Taglay ng Distrito ang karapatang ihinto ang serbisyo ng utility dahil sa anumang paglabag sa mga ordinansa, alituntunin, o regulasyon ng Distrito, bukod sa hindi pagbabayad.

KARAGDAGANG MGA REMEDYO:

Bukod sa paghinto ng serbisyo ng utility, maaaring gamitin ng Distrito ang iba pang mga paraan ng pagtugon na pinapahintulutan ng batas o equity para sa hindi pagbabayad ng mga singil sa utility service, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod: Pagprotekta sa mga halagang lampas na sa takdang petsa ng pagbabayad sa pamamagitan ng paghahain ng lien laban sa real property, paghahain ng salaysay o legal na aksyon, o pagsangguni ng mga hindi nabayaran halaga sa ahensya ng pangongolekta. Kung ang legal na aksyon ay mapagpasyahan na pabor sa Distrito, may karapatan ang Distrito na mabayaran ang lahat ng gastos at bayarin, kabilang ang mga bayad sa abogado at naipong interes.

Mga Rebisyon: 2002, 2006, 2013, 2020